

# Anti-racism data legislation – nilalaman ng website

## Anong bago?

Noong Setyembre 23, 2022, inanunsiyo ng Province ang 11 miyembro ng [Anti-Racism Data Committee](#), na siyang makikipagtulungan sa pamahalaan upang lansagin ang sistematikong rasismo sa pampublikong sektor. Basahin ang impormasyon tungkol sa mga indibidwal na nagbibigay-bose bilang kanilang kontribusyon.

## Isang pagkakataon para maging mas mahusay

Ang panlalawigang pamahalaan ay nagsusumikap na gawing mas makatarungan, inklusibo at magiliw na province ang B.C. para sa lahat. Ang isa sa mga paraan upang suportahan ang gawaing ito ay ang isang bagong batas na tutulong upang makilala at matugunan ang sistematikong rasismo at ibang mga hindi pagkakapantay-pantay sa mga programa at mga serbisyo ng panlalawigang pamahalaan.

Ang sistematikong rasismo o diskriminasyon batay sa lahi ay nangyayari kapag ang mga Indigenous (katutubo), Black at iba pang racialized na komunidad (mga grupo ng tao na nakakaranas ng panlahing diskriminasyon) ay may mas mababang kalidad ng pag-akses sa ilang partikular na mga programa at mga serbisyo ng pamahalaan, o may mas matinding pangkalahatang resulta kaysa British Columbians kapag ina-akses nila ang mga ito.

Bagama't maaaring hindi sinasadya ang diskriminasyon, ito ay isang sistematikong problema na kailangan nating maunawaan at kilalanin upang maayos natin ito. Kaya ang panlalawigang pamahalaan at ang Parliament Secretary for Anti-Racism Initiatives na si Rachna Singh ay nakikipagtulungan sa Human Rights Commissioner ng B.C., pamunuan ng First Nations at Métis, mga racialized na komunidad at iba pang British Columbians na magpakilala ng isang sistema upang ligtas na mangolekta at ligtas na mapag-aralan ang demograpikong impormasyon sa lahi, etnisidad, pananampalataya, kasarian, sex, kakayahan, kita at iba pang mga marker ng pagkakakilanlan sa lipunan.

Ang pagkolekta at paggamit ng mga datos na ito sa tamang paraan ay makakatulong upang ipakita kung saan may mga sistematikong hindi pagkakapantay-pantay upang matugunan natin ang mga isyu ng diskriminasyon, hindi pagkakapantay-pantay at mga puwang sa mga serbisyo.

Ang pagprotekta sa privacy ng mga tao at pagpapanatiling ligtas ng impormasyon ang pinakamataas na prioridad.

Sa pamamagitan ng pagkolekta ng mahalaga at kritikal na estadistikong impormasyong ito, masisiguro namin na ang mga serbisyo ng pamahalaan ay naihatid nang patas at natutugunan ang mga pangangailangan ng lahat ng mga tao sa B.C. Mangangahulugan din ito na ang mga komunidad ay may mahahalagang impormasyon upang itaguyod ang mga pagbabagong makakagawa ng tunay na pagkakaiba.

### Alamin ang tungkol sa batas

Noong Mayo 2, ipinakilala ng Province ang Anti-Racism Data Act upang pahasayin ang mga programa at mga serbisyo ng pamahalaan para sa mas maraming tao, at magsimulang tugunan ang sistemikong rasismo o diskriminasyon batay sa lahi.

[Basahin pa ang tungkol dito](#)

### Bakit kailangan ang batas

Ang pamahalaan ay maaaring mangolekta ng ilang demograpikong datos. Gayunpaman, hindi ito ginagawa sa pare-parehong paraan, at may mga puwang sa kung paano ito kinokolekta, kung paano ito ibinabahagi, at kung paano ito maa-akses.

[Higit pang impormasyon](#)

### Pakikipag-usap sa mga komunidad

Mula Setyembre 2021 hanggang Marso 2022, nakipagtulungan ang Pamahalaan sa mga organisasyong pangkomunidad upang makinig sa Indigenous Peoples at mga racialized na komunidad tungkol sa kung paano mangolekta at gumamit ng data na nakabatay sa lahi sa isang ligtas na paraan na makakagawa ng pagkakaiba sa pagsisikap upang matugunan ang rasismo.

[Basahin ang mga detalye](#)

### Pagpapanatiling ligtas ng iyong data

Ang province ay may matibay na batas at mga protokol sa seguridad tungkol sa kung paano pinoprotektahan ang personal na impormasyon ng mga tao. Susundin ng pamahalaan ang mga proteksyong iyon, at makikipagtulungan sa Indigenous at racialized na komunidad upang matiyak na ang impormasyon ng mga tao ay sumusunod sa mga proteksyon at mga kinakailangan sa seguridad na ito, habang tinitiyak na ang pagkolekta at paggamit ng data na ito ay hindi nagdudulot ng higit na pinsala sa mga komunidad na apektado ng rasismo.

[Higit pang impormasyon](#)

## Basahin ang mga *What They Heard (Ano ang Narinig Nila)* report

Basahin ang mga natuklasan ng makabagong pakikipag-ugnayang ito sa limang report na nakatuon sa mga paksa.

[Basahin ang mga report](#)

## Ano ang susunod?

Naging batas ang Anti-Racism Data Act noong Hunyo 2, 2022. Ang batas na ito ay binuo na kasama ang First Nation Leadership Council at Métis Nation BC. Ang Office of Human Rights Commissioner at Multicultural Advisory Council ay mayroon ding pangunahing tungkulin sa pagbibigay ng input. Gagawing posible ng bagong batas para sa panlalawigang pamahalaan na mangolekta, gumamit at isiwalat ang demograpikong datos upang matukoy at maalis ang sistematikong rasismo sa isang tuloy-tuloy at ligtas na paraan. Makakatulong ito upang matukoy kung saan nagaganap ang sistematikong rasismo at upang lumikha ng isang mas inklusibo at makatarungang lalawigan.

Ipagpapatuloy ng Province ang pakikipagtulungan sa mga Indigenous Peoples at racialized na komunidad tungkol sa kung paano at anong estadistikong impormasyon ang kokolektahin, at kung paano ito ibabahagi at mapoprotektahan.

[Basahin ang mga detalye](#)

### Paano ko maa-akses ang suporta?

Ang ResilienceBC ay nag-aalok ng mga mapagkukunan kung paano tumugon at mag-ulat ng mga krimen at insidente na may kinalaman sa hate o pagkapoot.

[Bisitahin ang ResilienceBC](#)

## Tungkol sa batas

Noong Mayo 2, 2022, [ipinakilala ng pamahalaan ang Anti-Racism Data Act](#), isang bagong batas na naglalayon na:

- Alisin ang mga hadlang para ma-akses ng mga tao ang mga programa;
- Tiyakin na ang mga racialized na indibidwal o mga nakakaranas ng panlahing diskriminasyon ay hindi makatwirang tina-target;
- Pahasayin ang mga programa at mga serbisyo upang mas maramdaman ng marami na sila ay ligtas na makakakuha ng tulong na kailangan nila.

[Ang Act ay naging batas](#) noong Hunyo 2, 2022.

Isinama sa pagbuo ng batas ang mga saloobin ng higit 13,000 British Columbians sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Indigenous Peoples at mga racialized na komunidad, gayundin ng mga pangunahing stakeholder gaya ng B.C. Human Rights Commissioner, First Nations Leadership Council, BC Association of Aboriginal Friendship Centers at Métis Nation BC. Ito ay isa sa mga unang batas na binuo kasama ang Indigenous Peoples sa ilalim ng Declaration on the Rights of Indigenous Peoples Act.

Ang batas ay nakatuon sa apat na mga pangunahing larangan:

1. Patuloy na kolaborasyon kasama ang Indigenous peoples sa paraang kumikilala sa natatanging pagkakakilanlan ng mga komunidad ng First Nations at Métis sa B.C.
2. Pakikipagtulungan sa mga racialized na komunidad sa pagpapatupad ng batas. Isasama nito ang paglikha ng isang panlalawigang anti-racism data committee upang makipagtulungan sa pamahalaan kung paano kinokolekta at ginagamit ang data.
3. Pagkakaroon ng mas maigting na transparency at accountability (pananagutan) habang pinipigilan at binabawasan ang mga pinsala sa Indigenous Peoples at racialized na komunidad.

4. Pag-aatas sa pamahalaan na ilabas ang data taon-taon, at pana-panahong pagsusuri ng batas.

Ang Province ay patuloy na makikipagtulungan sa Indigenous Peoples at mga racialized na komunidad habang ipinatutupad namin ang batas na ito.

## Bakit kailangan ang batas

Alam namin na mayroong sistematikong rasismo saanman, kabilang sa mga patakaran at mga programa ng pamahalaan, at dapat itong magbago. Ang data na nauugnay sa lahi, etnisidad, pananampalataya at iba pang mga salik ay maaaring makatulong na ilantad kung saan at paano nakakaranas ng sistematikong rasismo ang Indigenous Peoples at mga racialized na komunidad sa mga serbisyo ng pamahalaan. Gayunpaman, kasalukuyang hindi parepareho ang paraan ng pagkolekta o paggamit ng pamahalaan sa impormasyong ito.

Sisiguraduhin ng batas na ang ganitong uri ng impormasyon ay kinokolekta, ginagamit at isinisiwalat sa parepareho at culturally safe na paraan. Gamit ang impormasyong ito, matutukoy natin kung saan may rasismo sa mga sistema, programa at serbisyo ng pamahalaan. Makakatulong iyon para mas mabuti kaming makapaghatid ng mga serbisyo para sa mas maraming tao at lumikha ng isang mas inklusibo at makatuwirang lalawigan.

Ang mga Indigenous Peoples at racialized na komunidad ay matagal nang hinihiling sa pamahalaan na pahusayin ang pagkolekta, paggamit at pag-akses sa race-based data o panlahing datos. Sinabi ng mga komunidad na ito na nais nila ng mas mahusay na data upang maunawaan ang mga karanasan ng kanilang mga miyembro ng komunidad sa mga pampublikong serbisyo - tulad ng edukasyon, healthcare, pabahay at pagpupulis - upang matukoy at matugunan ang sistematikong rasismo. Sinabi rin nila na kailangan ang batas upang matiyak na ang impormasyon ay kinokolekta, itinatago at ginagamit nang culturally safe at hindi nagdudulot ng pinsala sa mga komunidad na sinisikap nitong tulungan.

Binigyang-diin din ng Human Rights Commissioner sa kanyang ulat na, *Disaggregated Demographic Data Collection in British Columbia: The Grandmother Perspective*, ang kahalagahan ng pakikipagtulungan sa mga komunidad upang matiyak na sila ay kabilang sa pangongolekta at paggamit ng kanilang personal na impormasyon upang maiwasan ang pagpapalala ng mga umiiral na sistematikong isyu.

Ito ang dahilan kung bakit kami ay nakipagtulungan sa mga organisasyon sa komunidad upang direktang makipag-usap sa mga Indigenous at racialized na mga lider at miyembro ng komunidad, at patuloy namin itong gagawin sa bawat hakbang. Gusto naming tiyakin na nauunawaan namin kung paano ipakikilala ang batas na tumutulong sa pagtugon sa sistematikong rasismo. Nais din naming tiyakin na itinataguyod nito ang karapatan sa self-governance ng Indigenous Peoples.

Ang batas na ito ay magiging isang mahalagang kagamitan na magbibigay sa pamahalaan ng B.C. at mga Indigenous Peoples at racialized na komunidad ng mas mahusay na impormasyon upang maghimok ng aksyon at pagbabago.

### Ano ang sistematikong rasismo?

Ang sistematikong rasismo ay nangyayari sa pamamagitan ng mga hindi pagkakapantay-pantay na nakapaloob sa mga serbisyo, sistema at mga istruktura, na kadalasang sanhi ng mga nakatagong pagkiling o bias na nakakapinsala sa mga tao batay sa kanilang lahi. Para sa maraming Indigenous at racialized na komunidad, nagreresulta ito sa hindi pantay na pag-akses, mas mahihirap na mga resulta at mga negatibong karanasan sa mga pampublikong serbisyo tulad ng edukasyon, pangangalagang pangkalusugan, kapakanan ng mga bata at pagpupulis.

## Pagpapanatiling ligtas ng iyong data

Ang pagkolekta at paggamit ng data ay maaaring makatulong upang mas makita ang mga sistematikong hindi pagkakapantay-pantay, mabawasan ang mga hadlang at matugunan ang mga isyu ng diskriminasyon, hindi pagkakapantay-pantay at mga pagkukulang sa mga serbisyo.

Ito ay isa sa mga pinakamahalagang priyoridad upang matiyak na ang anumang impormasyon ay kinokolekta, tinatago at ginagamit nang ligtas, may seguridad at sa pare-parehong paraan na pinoprotektahan at iniingatan ang impormasyon ng mga tao.

Sa ilalim ng batas na ito, titiyakin ng pamahalaan na ang anumang data na kinolekta ay ligtas na nakatago. Ang lahat ng mga proteksiyon sa privacy at seguridad sa ilalim ng Freedom of Information and Protection of Privacy Act ay ilalapat sa impormasyon na kinolekta o ginamit sa ilalim ng batas na ito.

Upang masimulan ang pagtukoy ng sistematikong rasismo gamit ang data, gagamitin ng pamahalaan ang Data Innovation Program ng British Columbia at ang kinikilalang internasyonal na modelo ng privacy at seguridad na tinatawag na Five Safes model upang protektahan ang data.

Binabawasan ng Five Safes model ang panganib sa data na ma-akses o magamit nang hindi naaangkop sa pamamagitan ng:

- Pag-aalis ng personal na nakakapagpakilalang impormasyon mula sa data.
- Paggamit ng ligtas na teknolohiya para ligtas na maisama ang data.
- Pagbibigay pahintulot lamang sa mga proyekto na may malinaw na pampublikong benepisyo at hindi nagdudulot ng pinsala sa mga indibidwal o mga komunidad.
- Pagbibigay lamang ng akses sa mga awtorisadong indibidwal.
- Pagtiyak ng karagdagang proteksiyon sa privacy sa mga resulta ng pananaliksik.

Para sa higit pang detalye tungkol sa Data Innovation Program:

[FAQ ng Data Innovation Program](#)

Para sa higit pang detalye tungkol sa BC Stats at Data Innovation Program:

[BC Stats](#)

[FAQ ng Data Innovation Program](#)

## Pakikipag-usap sa mga komunidad

Ang proseso ng pakikipag-ugnayan na ito ay idinisenyo kasama ang mga komunidad, para sa mga komunidad. Binigyang-diin ng inisyal na tugon ng pamunuan ng Indigenous Peoples at mga dalubhasa sa racialized na komunidad, gayundin sa ulat ng Human Rights Commissioner ng BC, Disaggregated Demographic Data Collection in British Columbia: The Grandmother Perspective, ang pangangailangang makipag-ugnayan sa mga komunidad sa pagbuo ng batas upang matiyak na ang kanilang mga pangangailangan ay makabuluhang natutugunan.

Ang proseso ng pakikipag-ugnayan na ito ay inilalagay ang pamunuan ng Indigenous Peoples at mga organisasyon ng mga racialized na komunidad na nangunguna sa proseso, kung saan ang mga miyembro ng komunidad ay

direktang naghahatid ng kanilang mga alalahanin, mga pangangailangan at mga priyoridad na may kaugnayan sa pangongolekta, paggamit at pagsisiwalat ng data nang direkta sa mga organisasyong ito.

Nais naming higit pang malaman ang tungkol sa:

- Mga pananaw tungkol sa mga pagkakakilanlan: paano mas gusto ng mga tao sa B.C. na kilalanin o katawanin ang kanilang sarili.
- Karanasan ng mga indibidwal: mga nakaraang karanasan ng mga tao sa pagbabahagi ng personal na impormasyon sa mga ahensya ng pamahalaan. Makakatulong ito upang maunawaan kung gaano ka-komportable ang mga tao sa pagbabahagi ng impormasyon sa iba't ibang mga sitwasyon, tulad ng para sa mga layunin ng pagsasaliksik o upang ma-akses ang mga pampublikong serbisyo tulad ng kalusugan, edukasyon o hustisya upang ang pamahalaan ay makabuo ng mas mahusay na mga paraan ng pagkolekta.
- Mga pananaw sa paggamit ng data: kung paano nais na gamitin ng mga tao ang kanilang data para makapagtrabaho ang pamahalaan tungo sa pagsulong ng pagkakatantay-pantay ng lahi.

Mula Abril 2021 hanggang Marso 2022, inimitahan ang mga tao at mga komunidad na makisali sa talakayan sa pamamagitan ng tatlong stream ng pakikipag-ugnayan:

1. Pakikipag-ugnayan sa mga Indigenous na komunidad
2. Pakikipag-ugnayan na pinamumunuan ng komunidad
3. Online survey ng publiko

Ang input na ito ay nakatulong upang matukoy kung ano ang mahalaga sa mga komunidad at upang makatulong na matiyak na ang estadistikong impormasyon na ito ay kinokolekta at ginagamit sa pinakaligtas at epektibong paraan upang matugunan ang sistematikong rasismo.

Mahigit 2,900 katao ang sumagot sa survey at halos 10,000 katao ang lumahok sa mga sesyon ng pakikipag-ugnayan sa komunidad na isinagawa ng mga organisasyong pangkomunidad na kinakatawan ang Indigenous, Black at people of colour (IBPOC).

### **1. Pakikipag-ugnayan sa mga Indigenous na komunidad**

Bilang isang makabuluhang bagong bahagi ng batas na nakatakdang ipakilala ng Pamahalaan ng B.C. matapos ipasa noong Nobyembre 2019 ang Declaration on the Rights of Indigenous Peoples Act, naging kritikal ang makabuluhang pakikipag-ugnayan sa Indigenous Peoples – at nagpapatuloy – na maging kritikal. Sa layuning ito, ang isang espesyalista sa pakikipag-ugnayan sa Indigenous Peoples (Quintessential Research Group), BC Association of Aboriginal Friendship Centers (BCAAFC), at Métis Nation British Columbia (MNBC) ay nakatanggap ng pondo upang direktang pamunuan ang mga sesyon kasama ang mga miyembro ng mga Katutubong komunidad at indibidwal na First Nations.

Dagdag pa rito, ang panlalawigang pamahalaan ay direktang nakipagtulungan sa mga organisasyon ng Indigenous na pamunuan — kabilang ang First Nations Leadership Council (FNLC), BCAAFC at MNBC— upang matiyak na ang batas na ito ay nagtataguyod ng karapatan ng mga Katutubo sa pagkakaroon ng data self-governance (kakahayang pamahalaan ang sariling datos). Bilang bahagi ng pagsisikap na ito, nagtalaga ang FNLC ng mga dalubhasa sa pamamahala ng Indigenous data upang makipagtulungan sa pamahalaan habang ang batas ay binabalangkas.

Ang impormasyon tungkol sa batas ay iniharap din sa iba't ibang yugto sa mga pinuno ng First Nations sa mga pangkalahatang pagtitipon ng BC Assembly of First Nations, First Nations Summit at Union of BC Indian Chiefs. Noong unang bahagi ng 2022, inimitahan din ang mga First Nations na dumalo sa mga teknikal na briefing para higit pang marinig ang impormasyon tungkol sa batas at magbahagi ng tugon.

## 2. Pakikipag-ugnayan na pinamumunuan ng komunidad

Batay sa tugon mula sa mga racialized na komunidad, nagbigay ang panlalawigang pamahalaan ng mga grant na magagamit sa mga kwalipikadong organisasyon at mga grupo ng komunidad na nagnanais na mag-host ng kanilang sariling mga sesyon ng pakikipag-ugnayan sa kanilang mga miyembro ng komunidad.

Halos 70 organisasyon sa buong lalawigan ang nag-host ng mga sesyon ng pakikipag-ugnayan mula Nobyembre 2021 hanggang sa katapusan ng Enero 2022, na nagdaos ng 425 pagpupulong – kapwa sa personal at virtual – at umabot sa humigit-kumulang 10,000 katao.

Ang direktang pakikinig sa mga miyembro ng racialized na komunidad sa kanilang personal na karanasan at mga alalahanin sa pangongolekta, paggamit at pagsisiwalat ng data ay isang mahalagang bahagi ng pagtitiyak na ang mga pangangailangan ng komunidad ay nauunawaan at makikita sa data legislation.

## 3. Online public engagement survey

Upang makarinig mula sa malawak na hanay ng mga tao mula sa mga komunidad ng IBPOC sa buong lalawigan, naglunsad din ang panlalawigang pamahalaan ng online survey. Binuksan ang survey mula Setyembre hanggang Enero 31, 2022, at sinagutan ito gamit ang maraming wika. Halos 3,000 katao ang sumagot sa survey. Ang survey ay idinisenyo upang maunawaan ang mga karanasan ng mga indibidwal sa paggamit ng mga serbisyo ng pamahalaan at pagbibigay ng impormasyon tungkol sa pagkakakilanlan at etnisidad.

## Mga What They Heard report

Basahin ang mga natuklasan ng makabagong pakikipag-ugnayan na ito sa limang ulat na nakatuon sa mga paksa.

### **BC Association of Aboriginal Friendship Centers Engagement Report**

36 na kalahok ang dumalo sa dalawang sesyon, kabilang ang mga miyembro ng Elders Council, Peer Review Committee at Provincial Aboriginal Youth Council.

### **Community-led Engagement Report**

Halos 70 organisasyon ng Indigenous at racialized na komunidad ang binigyan ng grant mula sa Pamahalaan ng B.C. upang mag-host ng mga sesyon ng pakikipag-ugnayan tungkol sa anti-racism data sa buong province.

### **First Nations Engagement Report**

Nakipag-ugnayan ang pamahalaan sa BC First Nations mula Disyembre 2021 hanggang Marso 2022. Ang intensyon ng pakikipag-ugnayan ay upang magbigay ng pagkakataon para sa mga kalahok ng BC First Nations na magbahagi ng kaalaman at magbigay ng input sa anti-racism data legislation.

### **Métis Nation ng BC Engagement Report**

Ang Métis Nation British Columbia (MNBC), sa pakikipagtulungan sa pamahalaang panlalawigan ng BC, ay nagsagawa ng mga konsultasyon sa komunidad sa paparating na batas laban sa rasismo bilang tugon sa mga panawagan upang tugunan ang rasismo na espesipiko sa Indigenous Peoples.

### **Online Engagement Report**

Mula Setyembre 9, 2021 hanggang Enero 31, 2022 ang Pamahalaan ng British Columbia ay nagsagawa ng isang online survey upang suportahan ang anti-racism data legislation. Ang survey ay nangalap ng mga tugon tungkol sa karanasan sa pagbibigay ng data ng pagkakakilanlan at etnisidad kapag gumagamit ng mga serbisyo ng pamahalaan.

[Mababasa ang mga buong ulat sa wikang Ingles](#)

## Kilalanin ang Komite – Anti-Racism Data Committee

Noong Setyembre 23, 2022, inanunsiyo ng Province ang 11 miyembro, kabilang ang chair, ng Anti-Racism Data Committee.

Kinakatawan ng mga miyembro ng komite ang malawak na interseksiyon ng mga racialized na komunidad at mga heyograpikal na rehiyon ng B.C. Makikipagtulungan ang komite sa Province para sa pagbuo ng patnubay para sa ligtas na pangongolekta at paggamit ng datos upang malaman at maalis ang sistemikong rasismo sa pampublikong sektor.

Inaatasan ang komite sa pagsuporta sa pagbuo ng mga direktiba at pamantayan ng datos, pati na rin ang pagtulong sa pagtatakda ng mga priyoridad sa pananaliksik ng pamahalaan at pagsusuri ng taunang estadistika bago ito ilathala upang maiwasan ang mga pinsala sa komunidad.

“Tinitiyak ng makabagong Anti-Racism Data Act na ang B.C. ay isang province kung saan maaaring magtagumpay ang lahat ng tao, anuman ang kanilang lahi,” sabi ni Dr. June Francis, chair ng Anti-Racism Data Committee. “Ang anti-racism data committee ay magiging kritikal sa mga aspirasyong ito. Itinatag ang komite upang matiyak ang representasyon ng mga Indigenous at racialized na komunidad at magsisikap upang matiyak na magagawa ang mga pangako upang matugunan ang sistemikong rasismo at mga pagkukulang sa mga serbisyo ng pampublikong sektor. Kabilang dito ang patuloy na proseso ng pakikipagtulungan sa mga komunidad, kasama ang kanilang mga perspektiba, at pagpapanatili ng cultural safety habang nakikipagtulungan kami sa pamahalaan upang magtatag ng mga pangunahing priyoridad sa pananaliksik. Ang pangunahing pokus ay ang pagkuha at pagsubaybay sa datos upang mabawasan ang mga pagkukulang na kaugnay sa racial equity na umiiral sa pampublikong serbisyo.” Upang higit pang alamin ang mga pagsisikap ng komite, bisitahin ang: <https://news.gov.bc.ca/27486>

### Mga Miyembro ng Komite

**June Francis (chair), co-founder, Co-Laboratorio (CoLab Advantage Ltd.) at special adviser to the president of Simon Fraser University on Anti-Racism** – Si Francis ay isang advocate para sa equity (pagkamakatarungan), diversity at inklusyon para sa mga racialized o mga grupong nakakaranas ng rasismo. Siya ang chair ng Hogan’s Alley Society, na ang misyon ay isulong ang panlipunan, pulitikal, ekonomiko at kultural na kapakanan ng mga indibidwal na may lahing African sa pamamagitan ng pagbibigay ng pabahay, built spaces at programming. Siya rin ang direktor ng Institute for Diaspora Research and Engagement ng SFU, na ang mandato ay pagtibayin ang kaugnayan ng akademikong pagsasalik, polisiya at pagsasanay na kaugnay sa mga komunidad na multikultural at ng diaspora, at ng kanilang papel sa pagbuo ng mga inisyatibang may inobasyon, sustainable at inklusibo. Bilang isang entrepreneur, sa pamamagitan ng CoLab, nakikipagtulungan si Francis sa malawak na uri ng kliyente upang i-audit at matugunan ang mga istruktural na hadlang sa paglahok ng mga Indigenous, Black at iba pang racialized na grupo sa kultura ng lugar ng trabaho, mga supply chain, polisiya, mga programa, mga partnership at disenyo ng serbisyo.

**Shirley Chau, associate professor, school of social work, UBC Okanagan** – Si Chau ay ang co-chair ng UBC President’s Task Force on Anti-Racism and Inclusive Excellence at isang dating chair at co-chair ng Race, Ethnicity and Cultural Issues Caucus ng Canadian Association of Social Work Education. Siya ay naninilbihan sa komite ng Organizing Against Racism and Hate sa Kelowna, kung saan ang kaniyang pokus ay subaybayan at mag-problem-



solve ng mga isyung kaugnay sa rasismo at intersectional na diskriminasyon batay sa Indigeneity (pagkakakilanlan ng pagiging isang katutubo), kasarian, edad, lahi at wika, etnisidad, relihiyon at kapansanan.

**Donald Corrigan, cultural wellness manager, Métis Nation BC** – Sa Métis Nation BC, tungkulin ni Corrigan na makipag-ugnayan sa industriya ng health-care tungkol sa iba't ibang uri ng mga isyu, kabilang ang pagpapatupad ng In Plain Sight report, Missing and Murdered Indigenous Women and Girls report, at ng Truth and Reconciliation Calls to Action report. Nagtrabaho siya para sa environmental public health mula 1976 at nagkipagtulungan kasama ang iba't ibang komite sa B.C. Interior sa panahon ng pandemya ng COVID-19 tungkol sa mga isyu ng access at mga insidente ng diskriminasyon at rasismo sa mga COVID clinic.

**Marion Erickson, research manager, Health Arts Research Centre** – Si Erickson ay isang babaeng Dakelh mula sa komunidad ng Nak'azdli at isa siyang miyembro ng Lhts'umusyoo (Beaver) Clan. Siya ay isang master of education candidate sa Thompson Rivers University at nagtapos ng bachelor of public administration and community development sa University of Northern B.C. Siya ay kasalukuyang nanunungkulan sa B.C. Health Regulators Indigenous Student Advisory Group at nagsilbi sa trust development committee para sa Nak'azdli Band at City of Prince George Student Needs Committee.

**Daljit Gill-Badesha, instructor, BC Institute of Technology, guest lecturer, SFU** – Mayroong 25 taong karanasan bilang isang senior na lider sa sektor ng non-profit at pampublikong sektor, dinadala ni Gill-Badesha ang kaniyang pagkadalubhasa sa executive management, pagsasaliksik, knowledge mobilization, at pagbuo ng polisiya para sa mga bata at tinedyer, mga senior, imigrante at refugee settlement, at mga portfolio para sa accessibility at inklusyon. Bumuo siya ng mga award-winning at malalaking inisyatiba at estratehiya para sa pangmatagalang community planning at nagtulak ng mga pagbabago sa polisiya upang gawing mas accessible ang pagkolekta at pag-uulat ng datos sa loob ng lokal na pamahalaan at magdagdag ng mga hakbang para sa accountability sa datos na kaugnay sa rasismo at kapootan (hate).

**Jessica Guss, Leader of Strategic Initiatives in Indigenous Health para sa BC Patient Safety and Quality Council** – Si Guss ay mayroon 20 taong karanasan sa business administration at management, kabilang ang pitong taon sa Indigenous health at wellness. Siya ay may magkahalong lahi ng Haida, Xaxli'p, Xwisten at Squamish Nation pati na rin ng magkahalong lahing European. Ipinagtibay ng karanasan sa kaniyang mga naging trabaho ang kaniyang kakayahan sa polisiya, standards o mga pamantayan, pagbuo ng mga proseso at pagsusuri upang isulong ang mga larangang alinsunod sa mga estratehiya at layuning laban sa rasismo.

**Ellen Kim, equity and inclusion consultant** – Mula sa bansang Korea, si Kim ay nagtrabaho sa mga pamahalaan, negosyo at not-for-profit organizations nang may pokus sa anti-racism. Kasalukuyan niyang pinamumunuan bilang co-lead ang isang grassroots collective ng mga Asyanong babae na kumukuha, nagsusuri, sumusubaybay at nagbabahagi ng datos na community-sourced tungkol sa anti-Asian racism at mga epekto nito. Bago ito, 10 taong nagtrabaho si Kim sa community development at frontline social service deliver sa mga global na komunidad na nakakaranas ng kawalan ng katarungan.

**Zareen Naqvi, director, Institutional Research and Planning, Simon Fraser University** – Natapos ni Naqvi ang kaniyang PhD sa economics sa Boston University at nagtrabaho bilang akademiko at international development professional sa World Bank. Pinamumunuan niya ang equity, diversity and inclusion data working group sa SFU at siya ay nagsisilbi bilang co-chair sa data governance council at iba pang mga kaugnay na proyekto. Siya ay may maalab na pasyon tungkol sa pagpapahusay ng access sa data upang matiyak na angkop ang pangangatawan sa mga bulnerableng grupo sa mga pampublikong serbisyo at mas mataas na antas ng edukasyon.

**Smith Oduro-Marfo, lead author and researcher, Black in B.C. report** – Si Oduro-Marfo ay may PhD sa political science mula sa University of Victoria. Ang kaniyang pang-akademikong interes mula 2016 ay nakatuon sa mga isyu ng privacy, proteksiyon ng data, mga sistema ng surveillance (pagmamasid) at identification (pagkakakilanlan). Siya ang pangunahing may-akda at mananaliksik para sa Black in B.C. report na pinondohan ng pamahalaan ng B.C. at inilabas noong Pebrero 2022. Nakaupo siya sa advisory committee for Ending Violence Association ng anti-racism and hate response program ng B.C. at isang miyembro ng Greater Victoria Police Diversity Advisory Committee.

**Jacqueline Quinless, CEO, Quintessential Research Group** – Isang sociologist, BIPOC na mananaliksik at biracial na may halong etnisidad ng Irish/British at Indian, si Quinless ay may malawak na karanasan sa trabaho sa mga Indigenous na komunidad nang higit 20 taon gamit ang mga gender-based analysis framework. Noong 2013, kinilala siya ng Canadian Sociological Association at Angus Reid Foundation para sa kaniyang community-based na pananaliksik na nagsulong ng human welfare (kapakanan ng mga indibidwal) para sa Indigenous peoples sa Canada. Nagtrabaho siya para sa mga komunidad ng First Nations bilang isang mananaliksik, kabilang ang pag-outline ng mga data indicator at measurements tools.

**Sukhi Sandhu, co-founder, Wake Up Surrey; master's student, diversity, equity and inclusion, Tufts University** – Si Sandhu ay isang community activist at isang founding member ng Wake Up Surrey, isang grassroots community organization na itinatag noong 2018 bilang tugon sa dumaraming gang violence at targeted shooting na sangkot ang mga tinedyer na South Asian. Pinamunuan niya ang outreach ng grupo sa pamamagitan ng paglahok sa higit 150 na mga pulong kasama ang lahat ng antas ng pamahalaan, awtoridad ng kapulisan, mga stakeholder ng komunidad, mga guro, dalubhasa sa mental health at pamilya ng mga biktima. Mayroon ding matagal na karanasan si Sandhu sa global sports management.

### **Mga susunod na hakbang**

Ang sistematikong rasismo ay laganap sa mga programa at mga serbisyo ng pamahalaan, at kami ay nakatuon sa pagsasagawa ng aksiyon ngayon upang matugunan ito. Gagawin namin ang mga sumusunod na hakbang sa mga darating na buwan:

Noong Mayo 2, 2022, ipinakikilala namin ang Anti-Racism Data Act, na binuo kasama ng mga Katutubong Tao at mga pinaglaling komunidad. Naging batas ito noong Hunyo 2, 2022.

- Tutugunan ng batas ang dalawang pangkalahatang layunin:
  - Pagpapakilala ng pangongolekta ng data sa paraang nagtatatag ng tiwala sa Indigenous Peoples at mga racialized na komunidad
  - Pagtatatag ng mga pinagkakatiwalaang paraan sa pangongolekta, paggamit at pagsisiwalat ng personal na impormasyon upang makatulong na matugunan ang sistematikong rasismo.

Pangalawa, ang batas ay magbibigay-daan sa pare-pareho at ligtas na pagkolekta, paggamit at pagsisiwalat ng demograpikong datos upang matukoy kung saan nagaganap ang sistematikong rasismo at lumikha ng isang mas inklusibo at makatarungang lalawigan. Kami ay patuloy na makikipag-ugnayan at makikipagtulungan sa mga komunidad upang bumuo ng isang matatag at culturally safe na plano sa pagpapatupad para sa bagong batas na ito.

- Ang batas na ito ay ang unang hakbang ng marami upang mangolekta at gumamit ng data upang harapin ang rasismo. Kapag naprubahan ang batas, kami ay bubuo ng plano kasama ang Indigenous Peoples at mga racialized na komunidad, na isasali sa bawat hakbang.
- Ang planong ito ay magpapalawak sa mga umiiral na patakaran at mga programa, at bubuo ng patnubay, pagsasanay, mga kagamitan at mga aktibidad upang mangolekta at gumamit ng data sa mga paraan na kapaki-pakinabang at naaangkop.
- Ang pamahalaan ng B.C. ay makikipagtulungan din sa Indigenous Peoples upang suportahan ang mga framework ng Indigenous data governance (kakayahang pamahalaan ang datos ng mga katutubo) at ang kanilang mga priyoridad sa data alinsunod sa *Declaration on the Rights of Indigenous Peoples Act*.

Kailangang maging malinaw kung paano namin pinaplanong gamitin ang data, kung paano namin ito papanatiliing ligtas at may seguridad, kung paano namin pangangalagaan ang privacy ng mga tao at kung sino ang makakapag-akses sa data anuman ang sitwasyon. Ang lahat ng ito ay pagpapasyahan nang may pakikipagtulungan kasama ang mga Indigenous, Black and people of colour (IBPOC).

Ang patuloy na pagbibigay ng impormasyon at paglahok ng mga tao at komunidad, gayundin ang Office of the Human Rights Commissioner ng BC at ang Office of the Information and Privacy Commissioner, ay tutulungan kaming matukoy at maiwasan ang anumang potensyal na hindi sinasadyang pinsala sa mga indibidwal at komunidad.

Ang pagbuo ng isang bagong probinsyal na anti-racism data committee ay isang pangunahing komitment sa ilalim ng batas na ito. Pagsasamahin ng komite ang mga miyembro ng komunidad upang makipagtulungan sa pamahalaan na bumuo ng mga priyoridad sa pananaliksik at itakda kung paano mangongolekta at gagamitin ang datos upang malaman at puksain ang sistematikong rasismo sa pampublikong sektor upang mapahusay ang mga programa at serbisyo para sa lahat ng British Columbians. Inanunsiyo ang mga miyembro ng komiteng ito noong Setyembre 2022.

Patuloy kaming makikipag-ugnayan at makikipagtalakayan sa Indigenous Peoples at mga racialized na komunidad sa bawat yugto habang isinusulong namin ang batas na ito. Gusto naming tiyak na ang pagsisikap na ito ay maisagawa nang may matinding pag-iingat upang maiwasan ang higit pang pagkiling o bias at diskriminasyon, habang mina-maximize ang kapangyarihan ng mga datos upang himukin ang lubhang kailangan na pagbabago sa sistema.

**Introduksiyon ng anti-racism data legislation**

Spring 2022

Kasamang binuo nang may pakikipagtulungan sa mga Indigenous at racialized na komunidad

**Bumuo ng plano sa pagpapatupad**

Pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan sa mga komunidad upang bumuo ng isang plano sa pagpapatupad

**Pagsuporta sa mga framework ng data governance at mga priyoridad ng data**

Pakikipagtulungan sa Indigenous Peoples upang suportahan ang mga framework para sa Indigenous data governance at ang kanilang mga priyoridad sa data

**Pakikipag-ugnayan at pakikipagtalakayan**

Patuloy na pakikipag-ugnayan at pakikipagtalakayan sa Indigenous Peoples at mga racialized na komunidad sa bawat yugto upang maiwasan ang higit pang bias o pagkiling at diskriminasyon